**Realised, Re-imagined**
**Karapatan natin ang pagkain**

Realised, Re-imagined ay isang grupo ng eksibisyon na nagsisisayat sa mga posibilidad ng hinarahap na kung saan ang karapatan sa pagkain ay naipauunawa sa lahat.

Sa Canada, legal na kinilala ang karapatan sa pagkain noong 1976, at isang lugar kainan sa Toronto ang itinayo mahigit dalawampung taon na ang nakararaan. Sa kabila ng katotohanan na lahat ng lebel ng gobyerno ay obligadong magpatupad sa karapatang ito, isa sa limang kabahayan sa Toronto ang walang katiyakan sa pagkain lalong higit sa mga itim at katutubong sambahayan.

Napagsama-sama ng eksibisyong ito ang mga likhang gawa nina Ehiko Odeh, Nala Haileselassie, at Sam Anis, pati na ang mga larawang kuha ni Nabil Shash. Naipakikita sa mga gawang ito ang mga tema sa pagbuo ng lugar, pagtayo ng kumunidad, kapitalistang sistema sa pagkain, at kapangyarihan sa lupa. Ang mga gawa ay iprinisinta ng may kasamang awdyo interbyu ng mga magsasaka, mga tagapag-ayos ng komunidad, at iba pang manggagawa tungo sa hustisya ng pagkain sa lungsod

Sa kalahatan, ang mga gawa na bumuo sa Realised, Re-imagined ay hinihikayat ang mga manunuod na ikonsidera ang pagkakautang sa atin ng mga nasa kapangyarihan,at kung paano maiparangal sa atin ang karapatan sa pagkain.